# MRT-7 project, ipinahinto ng QC gov’t

Balita · 20 Feb 2020 · 4 · Jun Fabon

Pansamantalang ipinatigil ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang konstruksiyon ng MRT-7 Quezon Memorial Circle (QMC) station dahill nilabag umano ng mga contractor ang usapan at apektado integridad ng makasaysayang parke.

Bunsod nito, nais makipagusap ang pamahalaang lungsod sa developer na SMC, contractor na EEI at DOTr matapos makipag-ugnayan sa environmentalists at historians hinggil sa pagkasira ng integridad ng parke.

Ang Quezon City Memorial Circle ay isang kilalang heritage site.

“We put a temporary stop to the construction of the QMC station because it would affect the landmark’s identity as a national heritage park,” sinabi ni Belmonte.